

# PROLOGUE

“Bakit ganyan ang suot ng kaibigan mo?” kunot-noong tanong ni Marcus sa kapatid na si Maureen. Pinasadahan nito ng tingin ang kasama ng kapatid.

Nakakunot din ang noo na tiningnan ni Irish ang suot na damit; wala siyang nakikitang mali sa kanyang suot.

“Kuya, ano ka ba?” sita ni Maureen.

“Ako ba ang dapat mahiya? How could she go out like that? It’s almost indecent. Mamaya, mapagkamalan pang may kasama tayong...” Ibinitin nito ang sasabihin.

Agad na nag-init ang bumbunan ni Irish sa pananalita nito. There was nothing indecent with her outfit. She could wear sackcloth and look good in it. How dare this man!

“Sandali lang...” Iniharang niya ang sarili sa daraanan ni Marcus. Lalong kumunot ang noo ng lalaki. “Bakit hindi mo ituloy ang sinasabi mo?” hamon niya.

“Do you honestly want to hear what I have to

say?” Guwapo sana ito kung hindi lang nuknukan ng pagkaantipatiko. Bago pa siya nakasagot ay pumagitna na sa kanila ang kapatid nito.

“Ano ba kayong dalawa? Mahiya naman kayo sa mga taong nagtitinginan na sa inyo,” awat ni Maureen.

“Itong kapatid mo ang pagsabihan mo. Kapag hindi ako nakapagpigil...”

“Ako ba ang nagdadamit na parang lalabas na ang kuyukot? Hoy, Miss Nuñez, ayokong mapaaway. Mababastos ka sa ayos mo.”

Umangat ang mga kilay niya sa narinig.

“Sakali man, kaya kong ipagtanggol ang sarili ko. And so far, Mr. Ferrer, ikaw pa lang ang na-meet ko na madumi ang pag-iisip!” Matalim ang tingin niya sa binata. Naggalawan ang muscles nito sa panga. Hindi na ito nagsalita pa, tinamaan siguro ng hiya sa mga taong hayagang nanonood sa kanila.

“Friend, saka na kayo mag-word war ni Kuya. Nakakahiya na sa mga tao, pinagpipiyestahan na kayo. Please, let’s just go and find some place where we can eat. Baka sakaling lumamig ang ulo ninyo ni Kuya.”

Second time pa lang nilang nagkakatagpo ng kapatid nito at may eksena na agad sila. Pumayag siya nang makiusap si Maureen na hintayin nila si Marcus sa mataong mall na iyon. Ngayon, para silang mga artistang nasa shooting sa dami ng nakikiusyoso.

“Hay naku, Maureen, salamat na lang sa paanyaya pero hindi ko na yata masisikmurang makasama ang kapatid mo sa hapunan. Nawalan na ako ng gana ngayon pa lang,” tanggi niya.

“Irish naman...” Nakikiusap ang tono ng best friend niya.

“Hayaan mo siya, kung ayaw niyang sumama, ’wag mong pilitin,” sabat ng kapatid nito.

Nabuhay na naman ang inis niya sa lalaki.

“Saka na lang tayo lumabas na magkasama kapag walang antipatikong pakialamero sa hindi naman niya dapat pakialaman,” paalam niya sa kaibigan. Nakamamatay na tingin ang iniwan niya sa kapatid nito bago tuluyang tumalikod.

“Next time, Maureen, pagsabihan mo ’yang kaibigan mo na matutong magpasalamat sa mga taong nagpapakita lang ng concern sa kanya,” mahina pero inis na sabi ni Marcus.

*Love Me Again - Alexis Navarro*

---

“May araw ka din,” bulong ni Irish sa sarili habang naglalakad palayo.

# 1

Gusto na talagang magmura ni Irish. Napakakulit kasi ng mga customers na napatapat sa kanya. Kanina pa siya nagpapaliwanag na hindi kasama sa ticket fare papuntang Cebu ang tour sa buong lalawigan. Sinenyasan niya ang supervisor nila para ito na ang magpaliwanag sa makukulit na kausap niya. Pinagpapawisan na siya gayung aircon ang opisina nila.

“O bakit ganyan ang hitsura mo?” tanong ni Maureen. Booking staff din ito sa travel agency na iyon.

“Ang kulit kasi, eh,” sagot niya sa mahinang tinig. Kapag narinig siya ng customer, siguradong lagot na.

“Para ka namang hindi nasanay sa mga ’yan. Para sa kanila, sukdulang maghapon silang mangulit dito.” Regular client nila ang mag-asawa at palaging ganoon ang eksena tuwing magpapa-book ang mga ito ng reservations. Kung hindi nanghihingi ng discount, free tour ang gusto.

“Hindi na kasi natuto,” medyo inis na sabi niya. “Kung hindi nga lang customer ang mga iyan, kanina

ko pa siguro tinarayan.”

Naging matalik na magkaibigan sila ni Maureen dahil sa tagal nilang magkasama sa trabahong iyon. Magtatatlong taon na sila sa *Rainbow Tours and Travel*.

May-kaya ang pamilya ni Irish, partikular na ang side ng kanyang ina. Sa isang pribadong paaralan siya nag-aral simula grade school hanggang college.

Si Maureen naman, ulila na sa mga magulang. Si Marcus na ang nagpaaral dito mula second year college. Financial executive ang kuya nito sa isang sikat na bangko.

“Balak naming mag-dinner sa labas ni Kuya. Hindi pa niya sinabi kung saan. Baka gusto mong sumama,” ani Maureen. Ilang minuto na lang at pauwi na sila.

Napaismid siya sa sinabi ng kaibigan. Ilang beses na rin silang nagtagpo ng Kuya Marcus nito at hindi sila nagkasundo kahit minsan.

“Hay naku, ’wag na lang. Alam mo naman ang nangyayari kapag nasa iisang lugar kami ng masungit mong kuya. No wonder, treinta na siya, wala pa ring nobya.”

Napangiti lang si Maureen sa panghahamak niya.

“Nagsalita ang ale. Bakit ikaw, beinte cuatro ka na pero hindi ka pa nagkaka-boyfriend kahit isa. Saka hindi ka na nasanay kay Kuya. Gan'on talaga iyon, may pagka-istrikto at saka pormal pero mabait 'yun,” pagtatanggol nito sa kapatid.

“Please lang, Maureen. Tama na 'yang pagbebenta mo sa akin sa kapatid mo. Kahit anong isip yata ang gawin ko, hindi ko ma-imagine na magkasundo kami.” Inirapan niya ito.

“Hija, 'wag kang magsalita nang tapos at baka kainin mo 'yan sa huli.”

“Yeah, in your dreams.” Naghanda na sila para sa pag-uwi. Inayos nila ang mga gamit at nag-retouch ng makeup.

“Sigurado ka bang hindi ka sasama? Ang sabi ni Kuya, you could join us if you want.”

“Pareho lang kaming mawawalan ng gana. Makukunsumi lang siya sa akin,” tanggi niya.

Nang huli silang nagkita ni Marcus, pinuna nito na makapal daw ang makeup niya. Noong minsan, maiksi raw ang suot niya. Pagkatapos, masyado raw siyang malakas magsalita. Tuwing magkikita sila,

nadadagdagan ang lista ng ayaw nito sa kanya.

Nobody is perfect!

*Yes, but some people are damn near so. Gaya ni Marcus, kutya ng isip niya. Lalong nanggigil si Irish.*

Aminado siyang guwapo ang kapatid ng kanyang best friend. Malamlam ang mga mata nito, matangos ang ilong at natural na mapula ang mga labi. Tanya niya ay nasa anim na talampakan ang taas nito. Alaga rin daw sa gym ang katawan ng lalaki, ayon na rin kay Maureen. Halata naman. Well, physically siguro—perpekto si Marcus. Pero pagdating sa ugali....

Nagulat siya nang marinig na tumatawa si Maureen. Napalingon siya rito.

“Si Kuya siguro ang naiisip mo. Salubong ang mga kilay mo, eh,” tukso nito.

“Tigilan mo nga ako. Sige na, mauuna na ako sa ’yo at baka biglang sumulpot ang kuya mo, masira pa ang araw ko.” Agad siyang pumara ng *FX* at sumakay na.

---

“Si Irish ba ’yung nakita kong sumakay ng *FX*?” tanong ni Marcus. Kasasakay lang ni Irish nang huminto sa tapat ni Maureen ang kotse ng binata.



“Wala nang iba,” nakangiting sagot ng dalaga.

“Bakit hindi mo pinasama sa atin?” kunot-noong tanong niya.

Nanunudyo ang ngiti na bumaling si Maureen sa kapatid.

“Pinipilit ko nga, eh. Kaya lang, na-trauma na yata sa 'yo. Ikaw kasi, sa halip na i-compliment mo ang kagandahan niya kung anu-ano'ng napapansin mo.”

“Ah, inatake na naman pala ng pagkabalat-sibuyas 'yang kaibigan mo? I was only being honest,” bale-walang sagot niya.

“Kuya, hindi na uso 'yung *Maria Clara* style ngayon.”

“Ang akin lang, baka mabastos siya sa daan. Maganda na siya, hindi na niya kailangan pang magsuot ng maikli para lang mapansin.”

“Uyy! Eh, di inamin mo ring maganda si Irish.” Kaagad napansin ni Maureen na dumilim ang mukha ng kapatid. “Siguro sinasadya mo talagang asarin siya, 'no? Alam mo, Kuya, bagay kayo—”

“Shut up.”

“Sabi ko nga. Kunsabagay, hindi naman kayo magkasundo.”

---

“Mano po, Ma,” pagbibigay-galang ni Irish sa ina.

“Kaawaan ka ng Diyos,” nakangiting sagot nito.

Isang beauty queen noong kabataan nito si Helen Nuñez. At kahit lumipas na ang maraming taon, hindi pa rin kumukupas ang kagandahan nito. Marami ang nagsasabi na malaki ang pagkakahawig nila. Batid ni Irish na disappointed ang kanyang mama dahil kahit kailan ay hindi siya napilit na sumali sa mga beauty pageants.

“Anong oras mo gustong kumain?”

“Magpapahinga muna ako sa kuwarto, Ma, medyo napagod ako sa biyahe, eh.”

“Bakit kasi hindi mo pa dalhin ang kotse.” Kotse ng kanyang ama ang tinutukoy nito.

“Ma, kayo na lang ang gumamit ng kotse.” Madalas na may dinadaluhang social gathering at charity works ang ina. Iyon halos ang libangan nito mula nang mamatay ang papa niya na isang dating heneral.

Hindi na ito nakipagtalo. “O sige, magpahinga ka na at ipatatawag na lang kita kapag nakahain na.”

---

“Hija, wala ka pa rin bang nobyo?” biglang tanong ng ina habang naghahapunan sila.

“Ma, naman. ’Ayan na naman kayo.” Simula yata noong mag-beinte cuatro siya ay araw-araw na niyang naririnig dito ang tanong na iyon. Gustung-gusto na kasi nitong magkaapo.

“Aba, hindi ka na bata. Maganda ka naman at may maayos na trabaho, ano pa ba ang hinihintay mo, Irish?”

Sa halip na mainis ay gustong matawa ng dalaga. Kung magsalita ang kanyang mama ay parang nadadampot sa daan ang mga lalaking husband material.

“Si Mr. Right, Ma. Hindi pa siya dumarating,” sagot niya.

“Yun bang kapatid ni Maureen, hindi nanliligaw sa ’yo? Bagay kayo n’un.”

Napamulagat siya. Sa lahat ng puwede nitong isipin na bagay sa kanya, si Marcus pa!

“Ma...” pigil niya sa iba pang sasabihin nito. Kinikilabutan na siya.

“Wag kang gumaya sa amin ng ama mo, Irish. May-edad na nang mag-asawa kaya tuloy nag-iisa ka lang.”

“Ma, darating din po ako d’yan. ‘Wag n’yo lang akong madaliin.” Hindi na ito sumagot.

Nagkukukot ang loob niya. Lagi na lang si Marcus! Kahit mga officemates niya ay iyon din ang komento. Nakakapikon na.

Maaaring noong una niyang makita ang kapatid ni Maureen ay agad siyang nagka-crush dito. But that was years ago. At nang pauyam siya nitong tingnan mula ulo hanggang paa, pinatay niya noon din ang damdaming iyon.

Nagtataka siya kung bakit mainit ang dugo ng lalaki sa kanya. Lagi na lang nitong napapansin ang mga sinusuot niya. Marami naman siyang ibang katangian. She was pretty; maputi, makinis ang balat. Higit sa lahat, hindi siya katulad ng ibang babae na hayagang nagpapakita ng interes kay Marcus.

Napasimangot siya. Bakit ba niya pinag-aaksayahan ng panahon ang buwisit na iyon?

“Hinanap ka ni Kuya kahapon,” nakangiting kuwento ni Maureen.

Lihim na napabuntong-hininga si Irish. Hindi pa rin talaga nagsasawa ang kaibigan na ireto ang kapatid nito sa kanya.

Bakit? Wala ba siyang maasar?” walang-ganang sagot niya.

“Ewan ko ba kung bakit gan'on sa 'yo si Kuya.” Hindi siya sumagot. “Basta sa Sabado, huwag kang mawawala. Birthday ko kaya hindi puwedeng hindi ka sasama sa amin.”

“Oo nga pala, twenty-four ka na rin. Ano'ng gusto mong regalo?” tanong niya, nakalimutan na ang kinaiinisan.

“Boyfriend!” pilyang sagot nito. Nagkatawanaan sila.

---

Dumaan sa mall si Irish upang bumili ng regalo para sa birthday ni Maureen. Napako siya sa kinatatayuan nang mahagigp ng tingin niya ang isang pamilyar na bulto. Si Marcus. Paiwas na siya nang marinig ang pagtawag nito. Atas ng kagandahang-

asal, kunwa'y takang lumingon siya ito at ginantihan ang pagbati nito.

Tiyak ang mga hakbang na lumapit ito sa kanya.

“Kasama mo ba si Maureen?” tanong nito.

Umiling siya. “Maaga siyang umuwi kasi hindi mo nga raw siya susunduin. Sinamantala ko nang hindi kami magkasama para makabili ako ng regalo para sa kanya,” aniya, gusto nang tumalilis.

“Great. Iyon din ang sadya ko rito. Baka naman puwede mo akong tulungan?” Ngumiti ito.

Napaismid si Irish. Marunong pala itong ngumiti. The man could be charming if he wanted to. Lalo tuloy itong naging guwapo sa paningin niya. Lihim niyang pinagalitan niya ang sarili sa naiisip.

“Ako? Nagpapatulong ka sa akin?” mataray na tanong niya.

Saglit na natigilan ang lalaki, ngunit agad ding ngumiti. “Mabuti pa kumain muna tayo. Baka nagugutom ka na kaya nagdidilim ang paningin mo.” Hinawakan nito ang siko niya pero marahan siyang pumiksi. Nabigla siya sa naramdaman nang lumapat ang kamay nito sa balat niya.

“Mabuti pa ay umuwi na lang ako. Saka na lang

ako bibili ng pangregalo,” sagot niya. Nagpatiuna na siyang lumakad. Naiiling na sumunod ang binata. Hindi maintindihan ni Irish kung bakit naiinis siya.

“Saan mo gustong kumain?” narinig niyang tanong nito.

“Kahit saan, basta hindi ka kasama,” malamig na sagot niya.

Tumigas ang mukha nito. “Look, maayos akong nakikiharap sa ’yo. Bakit ka ba nagsusungit?”

Parang napahiya siya. Tumigil siya sa paglakad at hinarap ito. “Sige, sasama ako sa iyong kumain. Pero kapag may sinabi ka kahit isa lang na hindi ko nagustuhan, lagot ka sa akin,” nakalabing banta niya.

Ngumiti muli ang binata. “I’m sorry, Irish,” saad nito, “I know I’ve been rude to you in the past.”

“Talaga,” ingos niya, nakangiti na rin. Ipinagpatuloy niya ang paglalakad at umagapay ito. Lihim niyang naihiling na sana ay laging may himala at ganoon ang mood ni Marcus.

Pagkatapos kumain, nag-offer ang binata na ihatid siya. Gabi na para mag-ikot pa sila at mamili ng regalo. Matamis ang ngiti na isinalubong ni Helen nang makita silang magkasama.

“Kumain ka muna bago umalis, Hijo,” alok pa ng kanyang ina.

Gustong paikutin ni Irish ang mga mata. *Hay naku, pasimple pa si Mama*, naisip niya.

“Tapos na po kami ni Irish. Inihatid ko lang po siya. Tutuloy na rin po ako, Ma’am,” paalam ni Marcus.

“Naku, ‘Tita’ na lang ang itawag mo sa akin. Mag-ingat ka sa daan, Hijo, at salamat sa paghahatid sa dalaga ko.” Nang makaalis ang binata ay saka siya nilingon nito. “Irish, kung ako ikaw, hindi ko na pakakawalan pa ang lalaking iyon. Maginoo na, *muy simpatico* pa.” Naisip niya, sa pagkakataong iyon ay puwedeng saleswoman ang ina.

“Ma, sa ganda kong ’to, marami pa akong makikilala,” biro niya. “Isa pa, hindi si Marcus ang tipo ko.” Hinalikan niya ito sa pisngi at umakyat na sa kanyang kuwarto. Napapailing na sinundan na lang siya ng tingin ng ina.



## 2

“Magdala ka ng maraming damit, ha. Overnight ’yung swimming party ko at kasama ang mga pinsan ko. Ipapakilala kita sa kanila. Malay mo, nandoon na pala ang hinahanap mong Mr. Right,” nakangiting sabi ni Maureen.

Sa Laguna balak i-celebrate ng dalaga ang birthday nito.

“Huwag mong sabihin na ipapasara mo ’yung resort?” natatawang tanong ni Irish.

“Sira! Hindi ko nga alam kung gaano kalaki iyon. Si Kuya Marcus ang nag-suggest n’ung place. Speaking of Kuya...” Naging mapanukso ang pagkakangiti nito. “Balita ko, you’re in good terms na raw.”

“Nagkita kami kahapon sa mall. Medyo good mood yata ang kuya mo, at hindi ako inasar,” kuwento niya.

“Siguro naman mag-e-enjoy ka na sa party ko dahil magkasundo na kayo?”

*Sana.*

---

Linggo. Alas once ang usapan nina Irish at Maureen na magkikita. Mini-skirt at spaghetti-strapped blouse ang suot ni Irish. Inihatid siya ng kanyang ina sa bahay ng kaibigan. Naroon na ang iba pang kasama sa party. Pinagkasya niya sa isang knapsack ang kanyang mga gamit.

Nakikipagbiruan sila ni Maureen at ng mga pinsan nitong lalaki nang makita niya si Marcus. Agad nagdilim ang expression ng mukha nito. Tama, may sakit lang ito noong huli silang magkita kaya nagmabait sa kanya. Normal na ito ngayon kaya masungit na uli. Ibinalik niya ang atensyon sa mga kausap.

Sumikdo ang dibdib ni Irish nang biglang may humawak sa kanyang braso. Hindi siya maaaring magkamali; kilala niya ang hawak na iyon.

Nagtataka ang mga mata na bumaling siya kay Marcus, pagkatapos ay niyuko ang braso niya niya na pigil nito

“Sumakay na kayo sa van,” utos nito sa mga kabiruan niya. Sadyang hindi nito pansin ang piping pagtatanong niya. “Ipagda-drive kayo ni Luis,” tukoy nito sa isang pinsan na nasa grupo. “Maureen, sumabay ka na sa kanila.”

“Sumunod ka na lang sa labas, Irish,” ani Maureen. Sa excitement ng dalaga ay hindi na nito nahintay ang gagawin niya sanang pagpapahintay.

“Sa akin siya sasabay,” ani Marcus.

Hindi iyon kinuwestyon ni Maureen. “Okay. Doon na lang tayo magkita.” Tuluy-tuloy na itong lumabas.

“Bakit ganyan ang ayos mo?” tanong ni Marcus nang dalawa na lamang sila sa living room.

Niyuko niya ang sarili. “Bakit? Ano ba’ng mali sa hitsura ko?”

“Mukha kang patpat na kinulang sa tela,” ang nakakainsultong sagot. “Palitan mo ’yang suot mo. Ayaw kong pinagpipiyestahan ang kasama ko,” utos nito.

Nag-init ang ulo niya. “Ano’ng gusto mong ipalit ko, eh, puro ganito rin ang dala kong damit? At saka ano ba’ng pakialam mo?”

“Kung ganoon, halika na.” Naghintay siya sa tabi ng sasakyan habang inila-lock ni Marcus ang gate. Kanina pang nasa harap ng bahay ang *CR-V* nito.

Nakasimangot na naupo siya sa passenger seat matapos siyang ipagbukas nito ng pinto. Kung hindi lang birthday ni Maureen, umuwi na siya nang oras

ding iyon.

“Irish, huwag mo ’kong galitin,” sabi ni Marcus, wala pa siyang treinta segundong nakaupo, “Maiksi na nga ang suot mo, hindi mo pa ayusin ang upo mo.”

Bubulong-bulong na inayos niya ang puwesto at ibinaling ang tingin sa labas ng bintana. Bakit ba niya naisip na mag-e-enjoy siya sa party ni Maureen?

“May sinasabi ka ba?” tanong ng binata.

“Wala po,” naiinis na sagot niya.

Parang nananadya ang pagkakataon. Napakabagal ng daloy ng mga sasakyan. Gusto na tuloy niyang maghurumentado. Matagal pa ba silang magsasama ng lalaking ito?

Tatlong oras din ang tiniis niya bago nila narating ang resort.

Two bedroom cottages lamang ang meron sa resort. Dalawa ang inupahan ni Marcus. Ang unang cottage ay para sa apat pa nitong pinsang lalaki na kasama nila. Sila ni Maureen ang ookupa ng isa pang cottage. Ka-share nila sa kuwarto ang pinsan nitong si Lyka. Solo naman ni Marcus ang isa pang silid.

Pagkalapag ng mga gamit ay lumabas na si Irish para hanapin si Maureen.

“Irish, beach party itong pinuntahan mo, hindi lamay. Bakit ba lukot na lukot iyang mukha mo?” Kasalukuyang pumipili ng gagamiting swimsuit si Maureen.

“Paano, nasermunan na naman ako ng magaling mong kapatid. Masagwa daw ng suot ko,” inis na sumbong niya.

“Si Kuya talaga...” napapailing na sabi nito. “Eh, di war na naman kayo ngayon?”

“Bakit naman ako, Ate Irish, hindi pinagsabihan ni Kuya Marcus, eh, hindi naman nagkakalayo ang suot natin,” singit ni Lyka. Pinsan din ito ni Maureen. Nagbabasa ng pocketbook ang dalaga habang nakahiga sa kama. Nakikinig pala ito.

Pinasadahan ni Irish ang suot nitong mini-skirt.

“Malay ko sa kumag na iyon! Siya kaya ang tanungin n’yo?” asar na sabi niya. Nagkatinginan ang magpinsan, pagkatapos ay nagngitian.

Hinagip niya ang sunblock cream at nagpahid niyon sa braso.

“O, bakit?” tanong niya nang maramdaman ang tingin ng dalawang kasama.

“So, ibig sabihin, sa iyo lang ganyan si Kuya Marcus. Hindi kaya type ka niya?” sabi ni Lyka, bumangon pa ito.

Pakiramdam ni Irish ay may gumapang na insekto sa balat niya. “Please lang, ano? Quit playing cupid. Hindi ko pinangarap ang antipatikong kagaya ng kuya ninyo. Tara na ngang mag-swimming at nang matanggal ang asar ko.” Tumayo siya at kinuha ang two-piece swimsuit sa bag at ang sarong na kanina pa niyang nailabas.

Pumasok siya sa banyo at isinuot iyon. Ibinuhol niya sa baywang ang mahabang sarong. Tinakpan niyon ang kalahati ng kanyang binti. Napa-wow ang dalawang kasama niya paglabas niya ng banyo.

“Panalo ka talaga, Irish,” nakangiting komento ni Maureen. Kaagad nagsipagpalit ng damit-panligo ang dalawang babae.

Mabuti na lang at wala si Marcus nang lumabas sila.

# 3

“Pasensya ka na kay Kuya,” ani Maureen nang nasa tabi na sila ng pool. “May pagka-old fashioned kasi iyon. Naku, kung nakita mo lang iyong huli niyang girlfriend...”

Ayaw man ni Irish ay may bumangong interes sa kanyang dibdib. *Nobyas?* Tinanaw niya si Lyka na nakikipagkulitan sa mga pinsan nito sa kabilang pool. Nasa fourteen to eighteen ang age range ng mga kasama nila, kaya may sariling mundo ang mga ito. Si Luis lang ang halos kasing-edad ni Marcus. At mukhang wala ring hilig sa ganitong pagtitipon ang binata.

Wala sa loob na nagpatuloy si Maureen sa pagkukuwento.

“Her name is Clara, as in Maria Clara—and she lived up to her name, mind you. Kung hindi brown, black ang kulay ng damit. Kapag nakapalda, kulang na lang sumayad sa lupa. Iyong mga blouses na isinusuot siguro twice her size.”

Napangiwi siya sa naisip na imahe ng ex-girlfriend ni Marcus. Kahit siguro bayaran pa siya, hindi siya

magsusuot ng ganoon. Anyway, bakit naman siya magdadamit ng ganoon?

*Gusto mo bang maging girlfriend ni Marcus?* tanong ng isip niya. She shuddered at the thought.

“Bakit hindi na sila ngayon?” usisa niya.

“I’m not sure. Pero alam mo, maganda iyong girl,” patuloy ni Maureen. “Iyong gandang tahimik, hindi nakakasawa.”

Parang gustong ma-insecure ni Irish.

“Sayang naman,” sagot niya. Bakit siya nanghihinayang? *Kasi hindi sila nagkatuluyan?*

“Oo, sayang kasi parang ayaw ipakita ni Ara iyong ganda niya. She was a rape victim, you know, kaya gan’on siya magdamit. One time, Kuya tried to kiss her. ’Ayun, natakot ang pobre at nagtatakbo palabas. Nang magpakita ulit siya, sinabi niya kay Kuya ang lihim niya. Then she said goodbye.”

“Wala na bang naging girlfriend si Marcus after Clara?”

Umiling ang kaibigan. “Mapili kasi masyado. Ang dami namang nagkakagusto sa kanya. Kaso nga, ang gusto yata iyong makaluma,” ani Maureen.



Nahuhulaan na niyang mahihirapan talaga si Marcus na makahanap ng mapapangasawa kung ala-Maria Clara ang tipo nito.

“Hi, Girls! Mind if I join you?” Nalingunan nila si Luis, ang nakatatandang kapatid ni Lyka. Guwapo rin ito at matangkad. Seaman ito ayon kay Maureen.

Mabiro ang lalaki. Marami itong kuwento tungkol sa mga kalokohan sa barko. Nahampas pa niya minsan ang braso ng lalaki dahil sa sobrang tuwa sa joke nito.

Napatingin sila ni Maureen kay Luis nang bigla itong tumahimik.

“Joke ba iyan?” natatawang tanong ni Maureen.

“Hindi, kaya lang baka habambuhay na akong hindi makapag-joke kapag nagtagal pa ako dito. Sobrang sama ng tingin ni Marcus sa akin, eh.” Nakangiti ito nang sabihin iyon.

Pasimpleng sinundan nila ng tingin ang direksyon na inginuso ni Luis. Naroon nga si Marcus. Ngunit agad din itong umiwas ng tingin.

“Hindi mo naman sinabi sa akin na hands off pala itong kaibigan mo,” naninising biro ng binata kay Maureen. “Mukhang naunahan na ako ni 'Insan.”

“Hindi kami ni Marcus, ’no,” ani Irish.

“True,” segunda ni Maureen, pero nangingiti ito.

“Alangan namang nagagalit siya sa akin dahil nakikipaglapit ako kay Mau?” di-kumbinsidong sagot ng binata. “Believe me, with that look on his face, it’s telling me na sa kanya ka na.”

Nakangiting nagpaalam sa kanila si Luis.

“What?” tanong niya nang makitang pinagmamasdan siya ni Maureen.

“Isipin mo nga, Irish, bakit ganoon na lang ang epekto mo kay Kuya? Palagi niyang pinapansin ang kilos mo, pananamit mo, pagsasalita mo. Samantalang sa iba, hindi naman siya gan’on. You get under his skin the way no other woman does. Hindi kaya paraan niya iyon para mapansin mo siya?” sagot nito.

“Please lang, Mau,” ani Irish. Ayaw niyang paasahin ang sarili. *Paasahin? Bakit, may gusto ba siya kay Marcus?* “Kung ayaw mong mag-away tayo, tumigil ka na.”

“Fine. Naisip ko lang naman na okay lang sa akin na maging in-laws tayo,” pang-aasar pa nito.

Pinaikot lang ni Irish ang mga mata.

Hindi makatulog si Irish. Naririnig na niya ang mahinang paghihilik ng mga kasama sa silid. Siya, ni hindi dalawin ng antok. Sinilip niya ang orasan sa bedside table—alas dos na ng madaling araw. Alas diez pa lang ay nagsipasok na sila sa kuwarto para mamahinga. Saglit lang silang nagkuwentuhan at pumikit na ang mga kasama niya.

Dapat ay makatulog na siya. Maaga ang alis nila bukas dahil sila nina Maureen at Marcus ay may pasok sa opisina.

Bumangon siya at naupo sa gilid ng kama. Inom na lang siya ng tubig. Lumabas siya ng kuwarto at marahang inilapat ang pinto. Hindi na siya nag-abalang magsuot ng robe. Si Marcus lang ang kasama nila sa cottage. At nauna pa itong matulog sa kanila. Hindi na rin niya binuksan ang ilaw, ilang hakbang lang naman papuntang kusina kung saan naroon ang mini-ref.

Nakalimutan ni Irish na elevated ang sahig sa living room kumpara sa dadaanan niya patungo sa kitchen. Hindi kalkulado ang bigat ng paa na kanyang inihakbang. Parang mawawalan siya ng ulirat, impit siyang napadaing nang rumehistro sa utak niya ang sakit sa kanyang bukong-bukong.

Sinisikap niyang tumayo nang biglang bumukas ang ilaw. Pupungas-pungas pa si Marcus nang makita siya. Nanghihinang napaupo ulit ang dalaga. Hindi niya kakayaning tumayo nang walang kakapitan.

Sa sobrang sakit ng kanyang paa, hindi na naisip ni Irish ang kanyang hitsura. Manipis ang kanyang pantulog at wala siyang suot na bra. Pero hindi niya magawang kumilos, na-sprain yata ang kanang paa niya.

“Irish?” Agad na nakalapit sa kanya ang lalaki. “Nap’ano ka?”

“Nadulas ako,” naiiyak na sagot niya, hiyang-hiya. Saka lang niya naisip ang ayos niya. *Kapag minamalas ka talaga...*

Makakatikim pa siguro siya ng sermon kay Marcus. “Hindi ako makatayo, Marcus. Masakit ang paa ko.” Maluha-luha na siya, napasama yata ang bagsak niya.

Walang imik na binuhat siya ng binata at dinala sa silid nito. Ibinaba siya nito sa kama at naupo sa bandang paanan niya.

“Aray,” daing niya nang hawakan nito iyon.

“Wala pa akong ginagawa,” nakakalokong sabi

ng binata. Inumpisahan nitong i-masahe ang kanyang paa.

“Napilipit yata,” napapaiyak na pag-aalala niya.

“Hindi ka kasi nag-iingat,” waring galit na sabi ng binata. “Bakit ba gising ka pa?”

“Inom sana ako,” napapasigok na sagot niya. Nag-uumpisa na naman si Marcus.

“Dito ka lang. Ikukuha kita ng tubig,” paalam nito.

Hindi alam ni Irish kung ano ang dapat maramdaman. Magkakaroon pa tuloy siya ng utang-na-loob sa mayabang na lalaki dahil sa katangahan niya. Ilang saglit lang at nakabalik na ito, dala ang bote ng mineral water at isang baso na may lamang tubig.

Iniabot nito sa kanya ang baso. Uminom siya nang kaunti.

Napansin ni Irish na nagyeyelo ang bottled water na hawak nito. Tiningnan muli ng binata ang paanan niya.

“Namamaga na agad.” Idinampi nito sa kanang paa niya ang malamig na bottled water. They remained that way for some time.

Parang nakakabingi ang katahimikan, pero kakatwang hindi nakakaramdam ng pagkainip ang dalaga. She felt... safe.

“Babalik na ako sa kuwarto namin.” Hindi niya rin gusto ang kanyang nararamdaman. Mamaya lang ay mag-aaway na uli sila ni Marcus.

Napabuntong-hininga ang binata. Pinahid nito ang luhang hindi niya napansing pumatak na pala. “Mahiga ka lang diyan,” anito sa mahinang tinig.

Napamulagat si Irish. Ibig bang sabihin ng binata ay sa kama nito siya matulog?

“Paano ka babalik sa kuwarto ninyo kung hindi ka makalakad? Baka magising lang sina Mau at Lyka kung bubuhatin pa kita papasok d’on. I doubt if magustuhan mo iyon. Do you feel like seeing a doctor at this hour?” tanong nito.

Umiling siya.

“Then, bukas na lang. Dito ka na matulog. Doon na lang ako sa sofa sa living room.” Bago pa siya nakapagprotesta ay nakalabas na ng silid ang binata.